DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
DepED
29 JAN 20
BY: ______ DATE: ______
NAME / SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 051, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **GAMIT NG "KALIPUNAN NG MGA PAGSASANAY (BAITANG 6)**

Petsa : Enero 29, 2016

---

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte na ang modyul ng "**Kalipunan Ng Mga Pagsasanay (Baitang 6)** ay puwede ng ma-*download* mula sa website ng Sangay na www.depedzn.info o www.depedzn.net mula sa araw na ito.

2. Ang "Kalipunan Ng Mga Pagsasanay (Baitang 6)" ay nabuo mula sa pagtutulungan ng mga piling guro sa mga distrito mula una hanggang sa ikatlong kongresyunal na distrito na sumali sa tatlong araw na seminar-workshap sa pagbuo ng mga pagsusulit na tulad ng sa NAT 6 noong Mayo 27-28, 2014 sa ZN Mess Hall.

3. Ang modyul na ito ay isang proyekto na kaayon sa **Angat Gurong Filipino (AGF) Program.** Layunin nito na matugunan ang pangangailangan ng guro ng mga kagamitang pampagsasanay para sa paglinang ng mga kasanayang tinataya ng *National Achievement Test* sa Ikaanim na Baitang taun-taon. Inaasahan din na mapupunan ang kakulangan at kahinaan ng mga mag-aaral sa mga naturang kasanayan.

4. Lubos na inatasan ang mga punungguro at mga Tagamasid Pampurok na bawat guro sa Filipino ng Baitang 6 ay masubaybayan at matulungan na magkaroon ng kopya ng modyul na ito upang magagamit ng guro bilang kagamitan para sa pagbabalik-aral ng mga kasanayan at paghahanda sa NAT 6 sa darating na Marso 10, 2016. (DepEd Memorandum No. 1, s. 2016)

5. Ang pagpaparami ng kopya nito ay maaring gamitin ang MOOE ng paaralan, subalit mahigpit na ipinagbabawal ang pagkolekta mula sa mga mag-aaral upang magkaroon sila nito ng kopya.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.